# KAPASIYAHAN BLG. 2025-184

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA PUMASOK SA SOFTWARE SUBSCRIPTION AGREEMENT SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT REVERY DIGITAL TECHNOLOGIES INC., NA NAUUKOL SA KONSULTAPP SOFTWARE SERVICES SUBSCRIPTION."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. John Erick L. Perez**

*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa Agrikultura, Katiyakan sa Pagkain, Transportasyon, Komunikasyon at Impormasyong Pangteknolohiya**
at
**Lupon sa Mga Tuntunin, Pribilehiyo, Usaping Pambatas, Serbisyo Sibil, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at Karapatang Pantao**

---

**SAPAGKA'T,** ang Bustos Community Hospital, sa pamamagitan ni Dr. Rowena Ocmer, ay nagrekomenda sa paggamit ng KonsultApp;

**SAPAGKA'T,** ang panukalang ito para sa subscription at implementasyon ng KonsultApp, isang PhilHealth-certified na Electronic Medical Records (EMR) system, sa Bustos Community Hospital;

**SAPAGKA'T,** sinusuportahan ng KonsultApp ang episyenteng pagpapatala ng mga pasyente, unang konsultasyon ng pasyente (First Patient Encounter o FPE), dokumentasyon ng konsultasyon, at pagsusumite ng XML para sa mga PhilHealth claims;

**SAPAGKA'T,** ang Seksyon 22(c) at Seksyon 444(b)(1)(vi) ng Batas Republika Blg. 7160, na kilala bilang Local Government Code of 1991, ay nagtatadhana na ang Punong Ehekutibo ng Lokal na Pamahalaan ay maaaring pumasok sa mga kontrata at kasunduan sa ngalan ng munisipalidad, sa pamamagitan ng paunang pahintulot ng Sangguniang Bayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na pumasok sa software subscription agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Revery Digital Technologies Inc., na nauukol sa KonsultApp software services subscription.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-19 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
Kasangguni

**Romeo B. Cabalquinto**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Gliceria M. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

**Mel Ryan P. Juan**
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-19 ng Disyembre taong Dalawanlibo Dalawampu't Lima.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim